

# Magpatala. Kumuha ng Pangangalaga. Magpanibago.

## ANG LIBRENG MEDI-CAL O ABOT-KAYANG COVERED CALIFORNIA AY PARA SA KARAMIHAN SA MABABANG-KITA NA MGA PAMILYA SA CALIFORNIA.

- ▶ Ang Medi-Cal ay isang seguro sa pampublikong kalusugan na makukuha ng mababang-kita na mga Taga-California. Simula Enero 1, 2024, lahat ng mga Taga-California na karapat-dapat sa kita ay kwalipikado para sa ganap na saklaw na mga benepisyo sa Medi-Cal ANUPAMAN ANG EDAD O KATAYUAN SA IMIGRASYON. Ang ganap na saklaw sa Medi-Cal ay saklaw ang higit sa pangangalaga lamang kapag mayroon kang isang emerhensiya. Nagbibigay ito ng pangangalagang medikal, dental, sa kalusugan ng isip at sa paningin (mata). Ang pag-apply para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng website sa Covered California ay ang pinakamabilis na paraan upang kumuha ng saklaw.
- ▶ Ang Covered California ay isang libreng serbisyo para sa mga indibiduwal at pamilya upang makakuha ng libre o abot-kayang seguro sa kalusugan 0 upang kumuha ng tulong sa pagbabayad ng pribadong seguro sa kalusugan. Karagdagang impormasyon sa pahina 2.

### Ang 6 na Hakbang sa Mapang Daanan Tungo sa Medi-Cal

#### Suriin ang Iyong Pagiging Karapat-Dapat



Ang pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal ay pangunahing batay sa iyong kita at paninirahan sa estado.



#### Pagpapasya ng Pagiging Karapat-Dapat

Iproseso ng county ang iyong aplikasyon para sa pagiging karapat-dapat.




#### Kumuha ng Pangangalaga

Saklaw ng Medi-Cal ang LAHAT ng medikal na kinakailangang pangangalaga.



Para sa karagdagang detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano Magpatala, Kumuha ng Pangangalaga, at Magpanibago ng Medi-Cal, mangyaring tingnan ang pahina 2.




### MAG-APPLY para sa Medi-Cal o Covered California:

 Sa pamamagitan ng telepono:  
**1(800) 300-1506**

 [www.coveredca.com](http://www.coveredca.com) (Covered CA at Medi-Cal):  
[www.BenefitsCal.com](http://www.BenefitsCal.com) (Medi-Cal)

 Sa personal: <https://bit.ly/3Tk3cXV>

 Mag-apply sa pamamagitan ng koreo:  
Napi-print na mga aplikasyon sa Medi-Cal dito:  
<http://bit.ly/3RRENIK>

#### Kailangan ng Tulong?

Humanap ng Tulong sa Iyong Komunidad at Higit Pa!

I-scan ang QR code na ito.

[www.allinforhealth.org](http://www.allinforhealth.org)



#### Mag-apply para sa Medi-Cal

Ang pagpapatala sa Medi-Cal ay bukas at mayroon sa buong taon. Magbasa ng higit pa tungkol sa pagpapatala sa itaas!



#### Pumili ng Plano sa Pangangalagang Pangkalusugan

Karamihan sa mga nagpapatala sa Medi-Cal ay dapat magpatala sa isang plano sa pangangalagang pangkalusugan.



#### Magpanibago ng Iyong Medi-Cal

Karamihan sa mga tao ay dapat magpanibago ng kanilang Medi-Cal bawat taon.





# Ang 6 na Hakbang sa Medi-Cal

## HAKBANG 1

### Suriin ang Iyong Pagiging Karapat-Dapat

Mga bata, buntis at indibiduwal na 12 buwang postpartum ay may mas mataas na mga lebel ng pagiging karapat-dapat sa kita kaysa sa ibang mga nasa gulang. Ang iyong (mga) anak ay maaari pa ring kwalipikado para sa Medi-Cal kahit pa ang mga miyembro ng pamilya na nasa gulang ay hindi kwalipikado.

**Kung ang iyong kita ay mas mataas sa lebel ng pagiging karapat-dapat sa Medi-Cal, maaaring kwalipikado ka para sa Covered California.** Sa gayon, ipapasa ng Medi-Cal ang iyong impormasyon sa Covered California, na ipapadala ang iyong impormasyon tungkol sa iyong awtomatikong pagpapatala at kung ano ang kailangan mong gawin upang i-activate ito. [Tingnan ang tsart ng limitasyon sa kita.](#)

## HAKBANG 2

### Magpatala.

Mag-apply para sa Medi-Cal sa personal, online, sa pamamagitan ng koreo, sa pamamagitan ng telepono, o humanap ng tulong sa iyong komunidad. Pumunta sa pahina 1 para sa karagdagang impormasyon o magpatala sa: [www.coveredca.com](http://www.coveredca.com)

## HAKBANG 3

### Pagpapasya ng Pagiging Karapat-Dapat


**Pagkatapos mong mag-apply:**


- ▶ Makatanggap ka ng **Abiso ng Posibleng Pagiging Karapat-Dapat** sa pamamagitan ng koreo. **BAGO!**— maraming karapat-dapat na mga aplikante sa Medi-Cal ang maaari na ngayong makatanggap ng totoong oras na pagpapatala. Nangangahulugan ito na kapag natanggap ang iyong aplikasyon, **magkakaroon ka ng ganap na saklaw habang pinoproseso ng county ang aplikasyon.** Para sa pinakamabilis na “totoong oras” na pagpapatala, mag-apply para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng [www.coveredca.com](http://www.coveredca.com) (ang mga aplikasyon na isinumite sa pamamagitan ng koreo ay magsisimula ng pinabilis na pagpapatala kapag natanggap ng county ang aplikasyon).
- ▶ Makatanggap ka ng **Panghuling Abiso ng Aksyon** na nag-aabiso sa iyo kung maaari kang tumanggap ng Medi-Cal. Kung ikaw ay tinanggihan ng Medi-Cal, may karapatan kang umapela. Humiling ng **Makatarungang Pagdinig sa Estado** sa pamamagitan ng pagtawag sa **800-952-5253**, o sa pamamagitan ng paghiling nito sa pamamagitan ng pagsulat.
- ▶ Maaaring magtagal ng hanggang 45 araw upang matanggap ang iyong kard sa Medi-Cal sa koreo pagkatapos mong mag-apply, kung ikaw ay karapat-dapat.

## HAKBANG 4

### Pumili ng Plano sa Pangangalagang Pangkalusugan

**Dapat kang pumili ng plano sa kalusugan sa loob ng 30 araw ng pagtanggap ng iyong mga opsyon sa plano sa kalusugan sa koreo. Kung hindi ka pipili ng plano sa loob ng 30 araw, pipili ang Medi-Cal ng plano para sa iyo.** Ang mga plano sa kalusugan na makukuha mo ay **nagdedepende sa kung saang county ka nakatira.**

 Pumunta sa [Sanggunian ng Plano sa Pinangangasiwaang Pangangalagang Pangkalusugan ng Medi-Cal](#) upang maghanap ng mga opsyon.

 Bumisita sa website ng [Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan](#) para sa karagdagang impormasyon.

## HAKBANG 5

### Kumuha ng Pangangalaga.

**Humanap ng doktor sa pangunahing pangangalaga. Humiling sa iyong plano ng kalusugan ng tulong sa paghahanap ng doktor na malapit sa iyo.** Ang iyong plano sa kalusugan ay kinakailangan upang tulungan kang gumawa ng mga appointment, kumuha ng mga serbisyo sa pagsasalín, **kumuha ng lib्रेng transportasyon sa mga appointment**, at gumamit ng telehealth.

Saklaw ng Medi-Cal ang LAHAT NG MGA GASTOS para sa mga pagsusuri, mga serbisyo sa kalusugan ng isip, paningin, dental, at lahat ng iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga.

**Humanap ng tahananang dental.** Nag-aalok ang Medi-Cal ng mga benepisyong dental sa parehong mga bata at nasa gulang. Bumisita sa [SmileCalifornia.org](http://SmileCalifornia.org) upang humanap ng dentista sa Medi-Cal.

**Mga Bata at Kabataan** Ang Medi-Cal para sa mga Bata & Kabataan ay nagbibigay ng lib्रेng mga serbisyo upang panatilihin malusog ang iyong anak mula pagkapanganak hanggang edad 21. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa: <https://bit.ly/3T1Ga8e>



### 2024 Pinansyal na Tulong

**Ikaw o ang iyong pamilya ay maaaring kwalipikado para sa lib्रेng Medi-Cal o tulong sa premium sa ilalim ng Covered California.**

Para sa impormasyon sa pagkalkula ng kita at laki ng sambahayan, bumisita sa:

[www.allinforhealth.org/financial-help](http://www.allinforhealth.org/financial-help)

## HAKBANG 6

### Magpanibago.

Mahalagang tiyakin na ang Medi-Cal ay mayroon ng iyong kasalukuyang address para kapag panahon na upang ipanibago ang iyong saklaw, maaari silang makipag-ugnayan sa iyo. Kung nakatanggap ka ng abiso sa pagpapanibago, tiyaking kumilos!

**Sundan ang mga hakbang na ito:**

- ▶ Gumawa ng account sa [BenefitsCal.com](http://BenefitsCal.com) upang makatanggap ng mga update sa pagpapanibago.
- ▶ Magsumite ng mga pagbabago sa iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan para maaaring makipag-ugnayan ang Medi-Cal sa iyo tungkol sa mga pagpapanibago.
- ▶ Punan at isumite ang mga form sa pagpanibago kapag natanggap ang mga ito (online, sa telepono, koreo, o sa personal).

**Madalas kapag tumataas ang kita ng pamilya, maaari pa ring kwalipikado ang iyong (mga) anak sa Medi-Cal kahit pa hindi na kwalipikado ang mga nasa gulang na miyembro ng pamilya.**

Patuloy na punan at isumite ang impormasyon sa pagpapanibago upang mapanatiling libre ang saklaw sa Medi-Cal ng iyong (mga) anak kahit pa ikaw ay nakatala sa Covered California.

Ang mga batang nasa pangangalagang pagkandili at dating kabataan sa pangangalagang pagkandili ay hindi kinakailangang magpanibago ng kanilang saklaw. Ang mga indibiduwal na postpartum ay hindi rin kailangang magpanibago ng kanilang saklaw sa loob ng 12 buwan na postpartum.



## Covered California

**Kung hindi ka karapat-dapat para sa Medi-Cal:**

- ▶ Ang Covered California ay nag-aalok ng pagpipilian ng mga plano sa kalusugan. Nakatutulong ang mga ito sa pagkumpara at pagpili ng plano sa kalusugan na pinakamainam para sa bawat tao. Upang malaman ang higit pa, bumisita sa: [www.coveredca.com](http://www.coveredca.com)
- ▶ Maraming mga taga-California ay maaaring kwalipikado para sa pinansyal na tulong sa pamamagitan ng Premium Tax Credit o mga pagbabawas sa kung ano ang binabayaran ng nagpapatala para sa kanilang pangangalagang pangkalusugan (kilala bilang mga pagbabawas sa pagbabahagi ng gastos).
- ▶ Ang bukas na pagpapatala ay ang panahon sa taon kung kailan ang sinuman ay maaaring mag-apply para sa isang plano sa pamamagitan ng Covered California. Magpatala sa Bukas na Pagpapatala o anumang oras na makaranas ka ng kaganapang nagbabago ng buhay, tulad ng pagkawala ng iyong trabaho o pagkakaroon ng anak. Mayroon kang 60 na araw mula sa pangyayari upang kumpletuhin ang pagpapatala.

[www.allinforhealth.org](http://www.allinforhealth.org)

© The Children's Partnership 2024